PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

Unang Markahan – Modyul 14: Ika-pitong Linggo

## Paggamit sa Iba't Ibang Uri ng Panghalip na Pananong

Mary E. Cardeño, MT-II



SMILE

A Joint Project of the
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY
and the
DIPOLOG CITY GOVERNMENT

**Filipino– Ika-apat na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 14: Paggamit sa Iba’t Ibang Uri ng Panghalip na Pananong**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** **Mary E. Cardeño**
**Editor:** **James A. Salomon, Ed.D.**
**Tagasuri:** **James A. Salomon, Ed.D.**
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** **John Febb G. Vidal**
**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan -Schools Division Superintendent
Jay S. Montealto -Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero -Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien -Chief Education Supervisor, SGOD
Ronillo S. Yarag -Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo -Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City

Telefax: (065) 212-6986

E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph




## *Alamin*

Mga bata, kumusta ang inyong napag-aralan sa ating nakaraan na leksiyon tungkol sa panghalip na panao? Di ba madali lang ang pagkikilala nito?Ngayon matutunghayan naman ninyo ang bago natin aralin sa iba pang gamit ng panghalip.Ihanda na ang inyong sarili para sa ating pagtatalakay sa ating bagong aralin.

Pagkatapos maisagawa ang lahat ng mga gawain sa modyul na ito ay inaasahang malilinang ang sumusunod na kasanayan:

1. **Nagagamit ang iba't ibang uri ng panghalip ( pananong )- isahan-maramihan sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karansan.**
   **( F4WG-Ifg-j-3 )**



## *Subukin*

**I. Panuto: Basahin ang isang tula.**

| |
|---|
| Tanong! Tanong, ang daming tanong!<br>Minsan isinulat, minsan ibinulong.<br>May nasasagot na tanong.<br>May tanong nasa isip nakakulong.<br>Kung gusto mong lumayo sa pagkakulong,<br>Sa iba'y humihingi ka ng tulong.<br>Kung hindi mo alam ang sagot sa isang tanong,<br>Magsabi ka ng totoo't huwag magmarunong!<br>Dahil ang tunay na dumong,<br>Ito'y makukuha sa pagtatanong.<br>Kaya halina, mga Indang at Dodong!<br>Simulan mo na ang pagtatanong.<br>Tungkol ba sa bagay ang tanong mo?<br>Gamitin mo ang ano<br>Ngunit kung ito nama'y tao,<br>Gamitin mo ang sino.<br>Kung paraan naman ang itatanong mo,<br>Sabihin mo lang paano.<br>Kung ito nama'y may-ari ng tao,<br>Sabihin mo kanino.<br>Kung kaantasan ng pang-uri ay itatanong mo |

Sabihin mo kung gaano.
Gusto n'yo po bang nagtanungan tayo?
Sabihin mo lang ng "Oo".

Halina't ating simulan,
Harapin ang kadalasa'y nagtanungan.
Tanungin mo ang kanyang pangalan,
Alamin mo kung saan ang kanyang tirahan.
Pati na ang kanyang paaralan,
Tanungin mo kung kailan ang kanyang kapanganakan.
Pati na ang lugar ng taong kapanganakan.
Tanungin mo rin kung ilan
Ang lahat ng miyembro ng kanilang tahanan.
Kung gusto mo naman malaman
Ang gusto niya maging sa kinabukasan,
Itanong mo rin sa kanya kung anong dahilan.

**Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.**

1. Ano ang paksa ng tula?
2. Anu-ano ang mga panghalip na pananong ang nabasa ninyo sa tula?
3. Anong panghalip na pananong ang gagamitin kung nagtatanong tungkol sa:
   - Tao
   - Bagay
   - Paraan
   - May-ari ng tao
   - Kaantasan ng pang-uri

**II. Panuto: Tukuyin ang panghalip na pananong na ginagamit sa bawat pangungusap. Isulat ito sa sagutang papel.**

1. Magkano ang isang kilong lanzones?
2. Anu-ano pang mga prutas ang bibilhin mo?
3. Sino ba ang nagpabili sa inyo?
4. Alin-alin ang napili mo?
5. Kailan ka dadalaw sa lola mo?
6. Kanimo mo ibibigay ang mga prutas na iyan?
7. Gaano ba katagal ang biyahe papunta sa probinsya mo?
8. Sinu-sino ba ang kasama niya?
9. Saan ba ang paradahan ng bus papunta sa inyo?
10. Kanino galing ang liham mo?



# Balikan

**A. Panuto: Tukuyin ang wastong panghalip na pananong sa loob ng panaklong para mabuo ang pangungusap. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.**

1. ( **Sino**, **Sinu-sino,** **Anu-ano** ) ang naglaro ng basketball kanina?
2. ( **Ano**, **Ilan**, **Sino** ) ang hawak mong lapis?
3. ( **Anu-ano,** **kani-kanino,** **Saan-saan** ) ang mga tsinelas sa labas?
4. ( **Saan**, **Saan-saan**, **Ano** ) kayo naglibot sa US?
5. ( **Sino**, **Ano** **Saan** ) gumawa ng napakasarap na adobo?
6. ( **Ano**, **Saan**, **Kanino** ) mo itinapon ang basura?
7. ( **Ano**, **Saan**, **Sino** ) ang sasali sa palaro?
8. ( **Ilan**, **Ilan-ilan**, **Ano** ) ang mga batang atleta?
9. ( **Ano**, **Kanino**, **Sino** ) ang mga dadalhin mo sa Tagaytay?
10. ( **Kanino**, **Ano**, **Sino** ) ka nagpapaalam para lumabas?

**B. Panuto: Tukuyin ang wastong panghalip na pananong na bubuo sa pangungusap na pananong. Pumili ng mga sagot sa loob ng kahon. Higit sa isang beses gamitin ang mga panghalip na ito. Isulat ang wastong sagot sa sagutang papel.**

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Sino | sinu-sino | ano | anu-ano | kanino | nino | alin |
| saan | | | | | | |

1. __________ ang sumundo sa iyo sa istasyon ng bus?
2. __________ ang relihiyong ng karamihang Filipino?
3. __________ galing ang sulat na natanggap mo?
4. __________ ang mga imbitado sa handaan sa Sabado?
5. Dyakey, ______ itong hawak ko?
6. __________ ang ginagamit mong sabon sa panlaba ang Surf o Tide?
7. __________ tayo hihingi ng tulong sa paglipat ng mga kagamitan?
8. __________ ang nagsulat ng kontratang ito?
9. __________ ang mga gamit na iuuwi natin sa probinsya?
10. Kotse ______ ang nakaparada sa labas ng gate natin?

**Aralin 1**

# Paggamit sa Iba't Ibang Uri ng Panghalip na Pananong



## *Tuklasin*

May iba't ibang uri ng tanong tayong ginagamit ayon sa sitwasyon o paksang binasa o narinig. Karaniwang ginagamit natin sa pagtatanong ay ang mga panghalip na pananong na isahan o maramihan.

I. Panuto: Punan ng wastong panghalip na pananong ang patlang. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

1. __________ ang mga kapatid mo?
2. __________ sa mga ito ang ibibigay mo sa mga iyong ate?
3. __________ kahalaga sa iyo ang iyong mga kapatid?
4. Ang isang kilo ng bangus ay __________?
5. __________ piraso ng isang kilo ng bangus?
6. __________ sa dalawang bag ang nagustuhan mo?
7. __________ ang dadalhin mo sa piknik?
8. __________ ba ang ating piknik?
9. __________ ba tayo magpiknik?
10. __________ tayo pupunta pagkatapos ng paligsahan?

**Tandaan:**

- Ang panghalip na ginagamit sa pagtatanong ay tinatawag na ***panghalip na pananong***. Ang mga ito'y kumakatawan o pumapalit sa pangngalang itinatanong. Narito ang mga panghalip na pananong at ang pangngalang pinapalitan ng bawat isa.

**Haimbawa:**

- Saan ------------lugar gaano------ bigat o timbang
- Sino--------------tao alin---------- bagay na may pagpilian
- Kanino/nino----tao ilan---------- bilang ng bagay
- Ano---------------bagay magkano--- halaga
- Ang ***panghalip na pananong*** ay may kailanang ***isahan*** at ***maramihan.*** Nabubuo ang ***maramihan*** ng isang panghalip na

pananong sa pamamagitan ng ***pag-uulit*** ng salita o ng unang dalawang pantig.

**Halimbawa:**

| **Isahan** | **Maramihan** |
| --- | --- |
| Ano | Anu-ano |
| Sino | Sinu-sino |
| Ilan | Ilan-ilan |
| Gaano | Gaa-gaano |
| Alin | Alin-alin |
| Kanino | Kani-kanino |
| Magkano | Magka-magkano |
| Saan | Saan-saan |



## *Suriin*

**A. Piliin ang tamang panghalip na pananong na bubuo sa bawat pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.**

1. ______ dapat mangangalaga sa kanyang kalusugan?
   A. Ano B. Magkano C. Sino
2. ______ ay huwag tayong makalimot tumawag sa Dakilang Lumikha.
   A. Magkanuman B. Kailanman C. Alinman
3. Sa _______ paraan ay mapangalagaan natin ang ating kalusugan.
   A. Anumang B. Gaanuman C. Sinumang
4. ______ ang nabili mong lobo?
   A. Ano B. Kanino C. Saan
5. ______ ang sapatos na iyan?
   A. Ilan-ilan B. Magkano C. Kailan
6. ______ ang mga kotse sa labas?
   A. Saan-saan B. Anu-ano C. Kani-kanino
7. ______ ang matalik mong kaibigan?
   A. Sino B.Kanino C. Gaano
8. ______ ang mga laruan na iyan?
   A. Ilan B. Anu-ano C. Magka-magkano
9. ______ ang mga babala na nakikita sa isang paaralan?
   A. Anu-ano B. Sinu-sino C. kailan
10. ______ ang gamit na nakakalat sa sala?
    A. Kanino B. Sino C. Nino



# *Pagyamanin*

**A. Panuto: Punan ang patlang ng mga angkop na panghalip na pananong upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.**

1. ______ mo mas gustong pumunta, sa Baguio o Boracay?
2. ______ ay guro mo sa Filipino?
3. ______ ang ipinadala ng iyong ama mula sa Dubai?
4. ______ ang huling araw ng pagregistro para sa pagboto?
5. ______ matatagpuan ang bahay ni Alfred?
6. ______ ang mga mag-aaral na aarte sa maikling dula?
7. ______ ang mga pangunahing produkto ng rehiyon ng Bicol?
8. ______ ang mga lugar na napuntahan mo sa Cebu?
9. ______ ang halaga ng isang kilo ng asukal?
10. ______ ang inumin mo, Coke o Pepsi?

**B. Kilalanin kung ano ang kailanan ang ginagamit sa mga sinalungguhitan na panghalip na pananong, *isahan* o *maramihan* ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel..**

______1. Kanino sumama si Patricia pauwi kagabi?
______2. Sino ang maghahatid ng tanghalian mo sa paaralan?
______3. Ano ang pinturang gagamitin natin para sa dingding?
______4. Saan-saan ang mga lugar na may maraming likas na yaman?
______5. Anu-ano ang mga proyekto natin sa Filipino?
______6. Sino ang kasama ni Inay papunta sa palengke?
______7. Ano ang iginuhit mo sa papel?
______8. Kailan mo aaminin ang nagawa mong pagkakamali sa iyong kapatid?
______9. Sinu-sino ang mga iniidolo mong mang-aawit?
______10. Ilan ba ang nakuha mong bayabas sa basket?

**C. Bumuo ng tig 3 tanong na ginagamitan ng panghalip na pananong. Isulat ang nabuong pangungusap sa kolum nakalaan.**

| ANO | SINO | SAAN | KAILAN |
|---|---|---|---|
| 1. | 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | 2. | 2. |
| 3. | 3. | 3. | 3. |

## *Isaisip*

- Ang ***panghalip na pananong*** ay ginagamit sa pagtatanong ng ngalan ng tao, bagay, at lunan.

- May dalawang kailanan ang panghalip na pananong

  A. Isahan

  B. Maramihan

- Halimbawa:

- Isahan............. **Ano** ang iyong pasalubong para sa ate mo?

- Maramihan....... **Anu-ano** ang mga pasalubong dala mo para kay itay?

## *Isagawa*

**A. Panuto: ang wastong panghalip na pananong sa bawat bilang. Isulat ito sa patlang.**

1. _______ ang pistang bayan ninyo?
2. _______ matatagpuan ang maraming puno ng duryan?
3. _______ ang itinawag sa ating bansa?
4. _______ kaya sila humingi ng abuloy?
5. _______ kaya sila humingi ng abuloy?

**B. Gawing maramihan ang panghalip na pananong na nasa isahan kailanan.Isulat muli ang pangungusap sa sagutang papel.**

1. ( **Sino** ) ang mga bisita ninyo kahapon?

   ________________________________________

2. ( **Ano** ) ang mga balak ng pamahalaan para sa mga lugar na natabunan ng lahar?

   ________________________________________

**3.** ( **Kanino** ) kayo manghihingi ng donasyon para sa nasalanta sa bagyo?

______________________________

4. ( **Alin** ) mga barangay ang unang bibigyan ng mga abuloy?

______________________________

5. ( **Saan** ) mga bayan malaki ang pinsalang dulot ng bagyong Yolanda?

______________________________

6. ( **Ano** ) ang mga dadalhin mo bukas?

______________________________

7. ( **Ilan** ) na ang mga naipon mong pera para sa proyekto natin?

______________________________

8. ( **Saan** ) mo dadalhin ang mga lumang diyaryo?

______________________________

9. ( **Ano** ) ang mga sinabi mo tungkol sa bago mong kaibigan?

______________________________

10. ( **Sino** ) ang mga may-ari ng bagong bag?

______________________________



# *Tayahin*

I. Panuto: Piliin ang tamang sagot sa loob ng panaklong.Isulat ang inyong agot sa sagutang papel.

1. ( Sinu-sino , Kani-kaninu, Anu-ano ) ang paborito momh pagkain?
2. ( Bakit , Magkano , Sino ) ang magbibigay ng bulaklak kay Ginang Dizon?
3. ( Paano , Ilan , Ano ) mo ginawa ang barkong papel?
4. ( Saan , Sino , Bakit ) kayo pupunta ni Rowena bukas?
5. ( Kani-kanino , Anu-ano , Sinu-sino ) ko ibibigay ang mga laruan?
6. ( Bakit , Ano , Sino ) umiiyak ang sanggol?
7. ( Ano , Paano , Sino ) ay nasa loob ng kahon?
8. ( Ano , Sino , Alin ) ay masasarap, bibingka o puto?
9. ( Ilan , Magkano, Saan ) mo binili ang sapatos mo?
10. ( Saan , Ano , Ilan ) ang sanhi ng polusyon sa ating siyudad?

## *Karagdagang Gawain*

Salungguhitan ang panghalip na pananong at kilalanin kung ano ang kailanan nito. Lagyan ng tsek sa kolum nito.

| Pangungusap | Isahan | Maramihan |
|---|---|---|
| 1. Ano ang halamang gamot para sa sakit ng ulo? | | |
| 2. Bakit nagalit ang guro n'yo? | | |
| 3. Kanino binilin ni Bb. Torres ang tungkol sa pagkain na ibibigay sa gwardya? | | |
| 4. Anu-ano ang sanhi nga kanyang sakit na kanser? | | |
| 5. Sinu-sino ang sasali sa palaro? | | |
| 6. Paano nakarating ang mga kastila sa ating bansa? | | |
| 7. Saan-saan ang mga lugar na may maraming nahawaan ng COVID 19? | | |
| 8. Kailan ang inyong kaarawan? | | |
| 9. Bakit mahalaga ang pera para sa tao. | | |
| 10. Ilan ang mga batang nagkasakit ng polio? | | |

# *Susi ng Pagwawasto*

**Subukin**

1. Tungkol sa wastong paggamit ng ng mga salitang nauugnay sa pagtatanong
2. Ano, sino, paano, kanini, gaano
3. Mga salitang:
    - Ano...........bagay
    - Sino...........tao
    - Paano........paraan
    - Kanino........pagmamay-ari
      Ng tao
    - Gaano........kaantasan ng
      Pang-uri

II. 1. magkano
2 anu-ano
3 Sino
4 alin-alin
5 kailan
6 kanino
7 gaano
8 sinu-sino
9 saan
10 kanino

**Tuklasin**

1. **Sino**
2. **Ilan**
3. **Gaano**
4. magkano
5. Ilan
6. Alin
7. Ano
8. Kailan
9. Saan
10. Saan

**Suriin**

**A.**
**1. D- sino**
**2. D- kailanman**
**3. B- anuman**
**4. B- kanino**
**5. B- magkano**
**6. A- kani-kanino**
**7. A- sino**
**8. A- magka-magkano**
**9. B- Anu-ano**
**10. A- Kanino**

**Isagawa**

**1. Sinu-sino ang mga bisita ninyo kahapo?**
**2. Anu-ano ang mga balak ng pamahalaan para sa mga lugar na natatabunan ng lahar?**
**3. Kani-kanino kayo manghihingi ng donasyon para sa nasalanta ng bagyo?**
**4. Alin-aling barangay ang unang bibigyan ng mga abuloy?**
**5. Saan-saang mga bayan malaki ang pinsalang dulot ng bagyon Yolanda?**
**6. Anu-ano ang mga dadalhin mo bukas?**
**7. Ilan-ilan na ang naipon mong pera para sa proyekto natin?**
**8. Saan-saan mo dadalhin ang mga lumang diyaryo?**
**9. Anu-ano ang sinabi mo tungkol sa bago mong kaibigan?**
**10. Sinu-sino ang may-ari ng bagong bag?**

**Balikan**

A. 1. Sino
1. Ilan
2. Kani-kanino
3. Saan-saan
4. Sino
5. Ano
6. Saan
7. Ilan-ilan
8. Anu-ano
9. Kanino

B. 1. Sino
2. Ano
3. kanino
4. sinu-sino
5. nino
6. alin
7. kanino
8. sino
9. anu-ano
10. kanino

**Pagyamanin**

**A. 1. Saan**
**2. sino**
**3. ano**
**4. kailan**
**5. saan**
**6. sinu-sino**
**7. anu-ano**
**8. saan-saan**
**9. Magkano**
**10. ano**

**B. 1. Isahan**
**2. isahan**
**3. isahan**
**4. isahan**
**5. isahan**
**6. isahan**
**7. isahan**
**8. isahan**
**9. maramihan**
**10. isahan**

C. **Pagwawasto ng mga pangungusap na nagawa ng** mga bata.

Tayahin

I.

1. Anu-ano
2. Sino
3. Paano
4. Saan
5. Kani-kanino
6. Bakit
7. Ano
8. Alin
9. Saan
10. Ano

Karagdagan Gawain

1. Ano isahan
2. Bakit isahan
3. Kanino isahan
4. Anu-ano marahin
5. Sinu-sino maramihan
6. Paano isahan
7. Saan-saan maramihan
8. Kailan isahan
9. Bakit isahan
10. Ilan isahan

# *Sanggunian*


- Batayang Aklat Hiyas sa Wika
  Ikaapat na Baitang
  Binagong Edisyon 2010
  ISBN-978-971-0422-95-1
  Karapatang-ari c 2010 ng LG&M Corporation at nina Lydia P.
Lalunio
  Ph.D., at Francisco G. Ril

- K to 12 Curriculum 2016 Edition
  Revee Book Supply
  2350 Leyte Street, San Andres, Malate Manila
  Tel No. 254-1152
  Disenyo Pabalat ni Elmer A. Salazar

- Gintong Pamana 6

- Bagong Filipino 6
  Sa Salita at Gawa, Edisyon 1999,JGM & S Corporation nina
  Nenita P. Papa, Nila S. Gutierez at Josefina C. Perez

- Landas sa Wika 6
  Binagong Edisyon 2011
  Karapang-ari 2011
  Ng EduResources Publishing, Inc. At ni Lydia B. Liwanag, Ph.D.